# SAMUT-SAMOT RESOURCES TERMS OF USE

Samut-samot allows its visitors to download various educational materials (e.g., worksheets, activity pages, lesson sheets, reference materials, graphic images, resources for on-screen viewing, etc.) for personal, home, and multi-classroom use. When visitors or users download a resource from Samut-samot, it is understood that they agree to abide by the Terms of Use indicated below.

Why does Samut-samot have Terms of Use? The artists given credit in the blog posts or Credits Page own the copyrights to the clip art images and/or fonts in the resource. The owner of Samut-samot has agreed to abide by their Terms of Use. Violation of the Terms of Use below is also an infringement of their copyrights.
In the Terms of Use below, the term 'resource' refers to the downloadable digital version (soft copy) of the educational material.

**Copyrights**

1. Users are not granted copyrights. Unless otherwise stated, the text in the resource remains the intellectual property of the owner of the website.
2. Where applicable, the clip art images and fonts used in the resource remain the intellectual property of the artists indicated in the blog post or Credits Page of the resource.
3. If there is no Credit Page in the resource, it is understood that the owner of the website owns the copyright to the text and images in it.
4. Some images in a resource may be public domain. In such cases, no attribution is required and commercial use by Samut-samot is allowed.

**Non-commercial Use**

1. Users may not resell the resource, copy or alter it, and claim it as their own, or use it to create derivative works which would infringe on intellectual copyrights.
2. Users of the resource are permitted to print (unless stated otherwise) and photocopy its pages for personal use, home use, multi-classroom use, or use in educational environments with the condition that the website address (samutsamot.com) and/or copyright mark and name are not covered, removed, or modified.
3. Users of the resource may not sell its printed pages or pages reproduced from photocopying or other processes for profit or for any commercial use.
4. Users of the resource may not distribute printed pages or pages reproduced from photocopying as part of modules or workbooks that will be sold or distributed for free outside their home, classroom, tutorial center, or teaching area. However, students/tutees and their parents may take home completed (answered) resource pages.
5. Unauthorized use of the resource may give rise to a claim for damages and/or be a criminal offense.

# SAMUT-SAMOT RESOURCES TERMS OF USE

**Sharing**

1. Users of the resource are granted a single and nontransferable license to use it. They are prohibited from giving it or a digital copy of it to someone else for free, for sale, or for any commercial purpose. This prohibition includes, but is not limited to, electronic file transfers such as email attachments or sharing through a website, cloud, or network.
2. Users of the resource are prohibited from uploading it or any part of it onto any other website such as, but not limited, to Scribd or SlideShare, or any cloud storage or file sharing sites such as, but not limited to, Google Drive, Dropbox, OneDrive, Mega, or pCloud where third parties can download the product. The artists given credit in the blog posts or Credits Page own the copyrights to the clip art images and/or fonts in the resource. Uploading the resource or any part of it in another website is also an infringement of their copyrights.
3. Users of the resource are prohibited from sharing it with others, such as other teachers or parents. However, sharing with a spouse is allowed. Please provide a link to the website instead.
4. Users of the resource may provide a direct link to the blog https://samutsamot.com/ if they are reviewing the resource or recommending it through social media websites.

**Storing**

1. Users of the resource may copy and store this product in another device that is theirs for personal and private use. A third party must not be able to access the resource.
2. For paid resources, Samut-samot and the author or authors cannot be held responsible for the loss, accidental deletion, or damage of the product after its initial receipt through email.

Questions regarding the allowable use of the resources from this website should be emailed to samutsamot.mom@gmail.com.

# Ang Pangako ni Lolo Pedro

Sa isang sulok ng bukid nakatira si Lolo Pedro Pagong. Kilalang-kilala si Lolo Pedro ng lahat ng hayop doon dahil siya ang pinakamatanda sa kanila. Isang araw, natandaan ni Lolo Pedro na malapit na ang unang kaarawan ng kanyang inaanak na si Kuting. Nagpangako siya na dadalo sa pagtitipon na gaganapin.

Si Kuting ay anak ng kaibigan niya na si Muning. Napalapit sa puso ni Lolo Pedro si Kuting dahil madalas siyang binibisita ng pusa sa kanyang sulok sa bukid. Matagal silang nagkukuwentuhan tungkol sa kanilang mga karanasan sa bukid.


Mahilig maghanap ng kung ano-anong abubot si Kuting. Sa kanyang paglalaro at paglilibot sa bukid, nakahahanap siya ng sari-saring bagay—tansan, butones, holen, imperdible, sipit, lastiko, at kung ano-ano pa.

Itinatago ni Kuting ang lahat ng ito sa isang koleksiyon. Ang mga bagay na ito ay itinuturing niyang mga munting kayamanan. Ang pagkakaroon ng koleksiyon ay nagbibigay sa kanya ng kasiyahan. Bukod pa rito, laging isinasalaysay ni Kuting kay Lolo Pedro ang kuwento tungkol sa bawat kayamanan na kanyang natuklasan.

"Tamang-tama para kay Kuting ang regalo ko sa kanya. Tiyak na magugustuhan niya ito at gagawing bahagi ng kanyang koleksiyon," isip ni Lolo Pedro tungkol sa bagay na napulot niya noong pumunta siya sa ilog.

Isa itong berdeng piraso ng bote na walang matutulis na bahagi. Ang piraso ng bote ay matagal nang ipinakinis ng daloy ng tubig sa ilog. Ito'y kumikinang kapag tinatamaan ng sinag ng araw. "Isang munting kayamanan," sabi ni Lolo Pedro habang minamasdan niya ito.

Dumating ang araw ng kaarawan ni Kuting. Bago pa magbukang-liwayway, sinimulan ni Lolo Pedro ang kanyang paglalakbay. Patungo siya sa bahay kubo ng magsasaka sa kabilang sulok ng bukid. Sa ilalim ng bahay kubo kasi nakatira ang pamilya ni Kuting.



"Tik-ti-la-ok! Tik-ti-la—o, Lolo Pedro, ikaw pala 'yan," sabi ni Tonio Tandang nang mapansin niya ang matanda. "Hindi pa po sumisikat ang araw. Eh, saan po ba kayo papunta?" tanong ng tandang.

"Ay, Tonio, magandang umaga sa iyo. Pupunta ako sa pagtitipon para sa kaarawan ni Kuting," sagot ni Lolo Pedro.



©2016 samutsamot.com

Story and illustrations by Pia Noche

“Hindi ba’t dapit-hapon pa ang pagtitipon?” usisa ni Tonio Tandang. “Masyadong maaga pa po.”

“Oo nga kaibigan, tama ang sinabi mo. Ngunit ako’y nagpangako na dadalo. Ang pangako ay pangako. Ito’y dapat tuparin. Kaya’t sinisikap ko na ako’y makarating.”

“Mawalang galang na po, ngunit may edad na kayo. Mabagal na po ang paglakad ninyo. Gusto ba ninyo ang tulong ko?” wika ni Tonio Tandang na nagmamalasakit sa matanda.

“Ayos lang kung mabagal, basta’t gumagalaw. Ang mahalaga ay ako’y makarating. Ang mahalaga ay mabati ko si Kuting,” sagot ni Lolo Pedro na patuloy sa kanyang mabagal na paglalakbay.

“Sige po, Lolo Pedro! Magkita na lang tayo mamaya!” sabi ni Tonio Tandang na nagpatuloy sa kanyang tungkulin na pagtitilaok.

Lumipas ang ilang oras at habang naglalakbay sa may gulayan, nakasalubong ni Lolo Pedro si Atoy Aso.

“Aw! Aw—wow, Lolo Pedro, ikaw pala ‘yan,” sabi ni Atoy Aso nang masalubong niya ang matanda. “Malapit na po ang tanghali at malakas ang sikat ng araw. Eh, saan po ba kayo papunta?” tanong ng aso.

“Ay, Atoy, magandang tanghali sa iyo. Pupunta ako sa pagtitipon para sa kaarawan ni Kuting,” sagot ni Lolo Pedro.

“Hindi ba’t dapit-hapon pa ang pagtitipon?” usisa ni Atoy Aso. “Masyadong maaga pa po.”

“Oo nga kaibigan, tama ang sinabi mo. Ngunit ako’y nagpangako na dadalo. Ang pangako ay pangako. Ito’y dapat tuparin. Kaya’t sinisikap ko na ako’y makarating.”



“Mawalang galang na po, ngunit may edad na kayo. Mabagal na po ang paglakad ninyo. Gusto ba ninyo ang tulong ko?” wika ni Atoy Aso na nagmamalasakit sa matanda.

“Ayos lang kung mabagal, basta’t gumagalaw. Ang mahalaga ay ako’y makarating. Ang mahalaga ay mabati ko si Kuting,” sagot ni Lolo Pedro na patuloy sa kanyang mabagal na paglalakbay.

“Sige po, Lolo Pedro! Magkita na lang tayo mamaya!” sabi ni Atoy Aso na nagpatuloy sa kanyang tungkulin na bantayan ang bukirin.

©2016 samutsamot.com

Lumipas ang ilang oras at habang naglalakbay sa may malaking puno ng mangga, nakasalubong ni Lolo Pedro si Kardo Kalabaw.



“Unga! U—aba, Lolo Pedro, ikaw pala ‘yan,” sabi ni Kardo Kalabaw nang makita niya ang matanda. “Hapon na po at oras na para magsiyesta. Eh, saan po ba kayo papunta?” tanong ng kalabaw.

“Ay, Kardo, magandang hapon sa iyo. Pupunta ako sa pagtitipon para sa kaarawan ni Kuting.”

“Hindi ba’t dapit-hapon pa ang pagtitipon?” usisa ni Kardo Kalabaw. “Masyadong maaga pa po.”

“Oo nga kaibigan, tama ang sinabi mo. Ngunit ako’y nagpangako na dadalo. Ang pangako ay pangako. Ito’y dapat tuparin. Kaya’t sinisikap ko na ako’y makarating.”

“Mawalang galang na po, ngunit may edad na kayo. Mabagal na po ang paglakad ninyo. Gusto ba ninyo ang tulong ko?” wika ni Kardo Kalabaw na nagmamalasakit sa matanda.

“Ayos lang kung mabagal, basta’t gumagalaw. Ang mahalaga ay ako’y makarating. Ang mahalaga ay mabati ko si Kuting,” sagot ni Lolo Pedro na patuloy sa kanyang mabagal na paglalakbay.

“Sige po, Lolo Pedro! Magkita na lang tayo mamaya!” sabi ni Kardo Kalabaw na nagpatuloy sa kanyang pagpapahinga sa ilalim ng puno ng mangga.

Ilang minuto na lang bago magdapit-hapon. Sa wakas, nakarating din si Lolo Pedro sa bahay kubo. Tuwang-tuwang isinalubong siya ng kanyang inaanak na si Kuting. “Meow! Lolo Pedro! Dumating kayo! Sabi ni Mama baka hindi raw kayo makarating sa kaarawan ko. Malayo raw kasi ang tahanan ninyo,” bungad ni Kuting.

Mapangiti si Lolo Pedro. “Hindi ba’t ako’y nagpangako sa iyo? Ang pangako ay pangako. Ito’y dapat tuparin. Kaya’t sinikap ko na ako’y makarating,” sagot ni Lolo Pedro na itinatago ang pagod sa likod ng kanyang matamis na ngiti.

“Salamat, Lolo Pedro, at naalala mo ang kaarawan ko. Sa totoo lang, ikaw nga po ang unang bisita ko. Halina po kayo sa bahay kubo. Tiyak na magugulat si Mama kapag nakita kayo,” anyaya ni Kuting.

©2016 samutsamot.com

"Sandali lang, Kuting. May ibibigay ako sa iyo, ang regalo ko sa kaarawan mo," sabi ni Lolo habang idinudukot ang regalo mula sa kanyang talukap.

"Maligayang kaarawan, inaanak," bati ni Lolo Pedro habang inaabot kay Kuting ang berdeng piraso ng bote. Ang sikat ng palubog na araw ay suminag sa piraso ng bote. Nakita ni Kuting na kumikinang ito at siya'y namangha.

"Wow, ang ganda, Lolo! Wala pa akong nakikitang ganito! Ito ang magiging pinakamagandang bahagi ng aking koleksiyon!" masayang isinabi ni Kuting na halos mapaluha sa kaligayahan.

"Isang munting kayamanan, hindi ba?" tanong ni Lolo Pedro na tila napawi ang pagod nang makitang nasiyahan ang bata. "Siyanga, Lolo. Tama kayo. Isang kayamanan tulad po ninyo. Isang kayamanan kayo sa buhay ko," sabi ni Kuting habang yakap niya ang kanyang Lolo Pedro. Lubos na natuwa si Lolo Pedro sa sinabi ng kanyang inaanak.



"Maligayang kaarawan, Kuting!" pasigaw na pagbati nina Tonio Tandang, Atoy Aso, at Kardo Kalabaw na sabay-sabay ang pagdating.

"Meow! Salamat, salamat, mga kaibigan!" masayang sagot ni Kuting.

Bumaling ang tingin ni Kardo Kalabaw kay Lolo Pedro. "Lolo Pedro, hanga po kami sa inyo. Nauna pa kayo sa amin. Huwag kayong mag-alala dahil ihahatid ka namin mamaya pauwi. Kami ang bahala sa inyo," pahayag ni Kardo Kalabaw, sabay kindat kina Tonio Tandang at Atoy Aso.

"Isasakay po kita sa likod ni Kardo at ako ang magiging tagapagtanggol ninyo," wika ni Atoy Aso.

"Ako po ay maglalakad sa harap ni Kardo para gabayan siya sa daan," sabi naman ni Tonio Tandang.

Napangiti si Lolo Pedro sa taos-pusong pagmamalasakit ng kanyang tatlong kaibigan. "Pangako ba ninyo iyan sa akin?" pabirong tanong ni Lolo Pedro.

"Pangako na tutuparin!" sabay-sabay na tugon ng tatlong magkakaibigan.

## Wakas

©2016 samutsamot.com

Story and illustrations by Pia Noche

Mga Tanong Tungkol sa Kuwento

Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang pamagat ng kuwentong binasa mo?
    a. Ang Regalo ni Lolo Pedro
    b. Ang Kaarawan ni Kuting
    c. Ang Pangako ni Lolo Pedro

2. Bakit kilalang-kilala sa bukid si Lolo Pedro?
    a. Siya ang hari ng mga hayop ng bukid.
    b. Siya ang pinakamatanda sa mga hayop sa bukid.
    c. Siya ang pinakamatalino sa mga hayop sa bukid.

3. Tungkol sa kaninong pagkakaibigan ang kuwentong ito?
    a. sa pagkakaibigan nina Lolo Pedro at Kuting
    b. sa pagkakaibigan nina Kardo Kalabaw, Atoy Aso, at Tonio Tandang
    c. sa pagkakaibigan nina Lolo Pedro at Tonio Tandang

4. Anong okasyon ang naalala ni Lolo Pedro?
    a. ang kaarawan ng kanyang anak
    b. ang araw ng pista sa bayan
    c. ang kaarawan ng kanyang inaanak

5. Ano ang regalo na inihandog ni Lolo Pedro sa okasyon na ito?
    a. isang pirasong bote na nakuha niya sa ilog
    b. isang koleksiyon ng mga abubot na napulot niya sa bukid
    c. ang kanyang pagpunta sa pagtitipon

6. Alin ang tamang pagkasunod-sunod ng mga hayop na nakasalubong ni Lolo Pedro?
    a. aso, kalabaw, at tandang
    b. tandang, kalabaw, aso
    c. tandang, aso, at kalabaw

©2016 samutsamot.com

7. Bakit nais tulungan ng mga hayop na ito si Lolo Pedro?
   a. Dahil matanda na si Lolo Pedro at mabagal na ang kanyang lakad.
   b. Dahil hindi naman sila abala sa kanilang mga gawain.
   c. Dahil nais nilang nakawin ang regalo ni Lolo Pedro.

8. Alin sa mga sinabi ni Kuting ang lubos na nagpasaya kay Lolo Pedro?
   a. Tinupad ni Lolo Pedro ang kanyang ipinangako na dadalo.
   b. Si Lolo Pedro ay kayamanan sa buhay ni Kuting.
   c. Ang regalo ni Lolo Pedro ay magiging pinakamagandang bahagi ng koleksiyon ni Kuting.

9. Ano ang ipinangako ng tatlong hayop kay Lolo Pedro?
   a. Ipinangako nila na ihahatid at sasamahan si Lolo Pedro pauwi.
   b. Ipinangako nila na tutuparin nila ang mga pangakong binitiwan nila.
   c. Ipinangako nila na ipagtatanggol nila si Kuting sa lahat ng oras.

10. Ano sa tingin mo ang pinakamahalagang aral na nais ipahayag ng may-akda ng kuwento?
   a. Laging magpakita ng respeto sa mga nakatatanda sa pamamagitan ng pagsabi ng po at opo.
   b. Magkaroon ng isang koleksiyon ng mga bagay dahil ito ay magdudulot ng kasiyahan sa iyo.
   c. Laging sikapin na tuparin ang mga binitiwang pangako.

Isulat sa ibaba ang sagot mo sa tanong.

Mahalaga ba sa iyo na sikapin na tuparin ang isang pangako?
Bakit oo o bakit hindi?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

©2016 samutsamot.com 